

SO WHAT

What is the relevance of the Word to my life?

- Ano ang payo ng manunulat ng Hebreo na ating gagawin ayon sa Hebreo 4:16? Papaano ito makikita sa ating buhay?
- Kung ang ating mga pagsisikap ay hindi tayo maaaring maligtas, wala na ba itong pakinabang? Ano ang nasasaad sa Efeso 2:10 at Colossas 1:10 ayon dito?
- Basahin ang Hebreo 7:25. Ano ang mapapala natin tulad ng pamamagitan ni Jesus?

NOW WHAT

How do I apply the Word to my life?

- Sino sa iyong mga kasama sa iglesia ang kailangang bigyan ng lakas at pag-asa? Ano ang maaari mong ipanalangin sa kanya?
- Ano ang pinagdadaanan mo sa kasalukuyan na may matinding paghapon? Anong mga pangako sa Bibliya na maari mong angkinin?
- Papaano at kanino mo maaaring ibahagi ang tagumpay mo sa iyong buhay na natagpuan kay Jesus? Anong sarili mong mga kasaysayan na maaari mong sabihin sa kanila?

PRAYER

- Itaas ang bawat isa sa panalangin, na ang bawat isa ay lumakas kay Kristo na magpatuloy at malampasan ang anumang kinakaharap na kalagayan.
- Mamagitan sa panalangin para sa mga miyembro ng *Victory group* upang ganahan na mangaral ng ebanghelyo sa kanilang mga kaibigan at mga kaanak. Ipanalangin ang kaligtasan ng inyong mga pamilya.
- Hilingin sa Diyos na ang bawat isa sa mga kasama sa grupo na magkaroon ng ugaling magpasigla sa iba.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012

Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.

Ito ay hindi pinagbibili.

victory.org.ph

FILIPINO



NOTES

CONNECT

- Ano ang paborito mong *project* noong ikaw ay nasa elementarya pa? Paki-paliwanag.
- Kailan yung kauna-unahang ikaw ay kumita? Paki-ugnay ang karanasang ito ng mabilisan.
- Naranasan mo na bang ipagtanggol ng iba? Paki-bahagi ng maikli kung ano talaga ang nangyari.

WORD

¹Napapaligiran tayo ng maraming tao na nagpatotoo tungkol sa pananampalataya nila sa Diyos. Kaya talikuran na natin ang kasalanang pumipigil sa atin at alisin ang anumang hadlang sa pagtakbo natin. Buong tiyaga tayong magpatuloy sa takbuhing itinakda ng Diyos para sa atin. ²Ituon natin ang paningin natin kay Jesus na siyang sandigan ng pananampalataya natin mula sa simula hanggang sa katapusan. Tiniis niya ang paghihirap sa krus at hindi niya ito ikinahiya, dahil inisip niya ang kaligayahang naghihintay sa kanya. At ngayon nga ay nakaupo na siya sa kanan ng trono ng Diyos. ³Isipin n'yo ang mga tiniis ni Jesus na paghihirap sa kamay ng mga makasalanang tao, para hindi kayo panghinaan ng loob.

Hebreo 12:1-3

WHAT

What does the Bible say?

Ang pamumuhay sa buhay pananampalataya ay tulad ng isang mahabang takbuhang gaya ng *marathon*. Kaya nga't para sa mga tagasunod ni Jesus, mahalagang malaman nila na ito ay mahabang labanan ng takbuhang pagpapatuloy ay kinakailangan upang tapusin ito. Ang kagandahan nito, gayon pa man, ay ang Panginoong Jesus ay palagiang nariyan at nagnanais na tulungan tayo na mga nanalig sa Kanya. Ano ang mahalagang papel na ginagampanan ni Jesus sa ating buhay Kristiyano at bakit kailangan tayong umasa sa Kanya?

- **Si Jesus ang simula at katapusan ng ating pananampalataya.**

Ituon natin ang paningin natin kay Jesus na siyang sandigan ng pananampalataya natin mula sa simula hanggang sa katapusan. . . .

Hebreo 12:2

Hindi tayo nag-iisa sa buhay pananampalataya. Sa totoo lang, si Jesus ang naghatid sa atin ng malaking pagpapala. Higit sa lahat, ang bersikulo na ito ay nangungusap na Siya ang tumutulong sa atin upang tapusin ang tinaguriang mahabang labanan ng takbuhang na ito. Gayon pa man, kailangan nating ituon ang ating pananampalataya at pag-asa sa Kanya o ibigay ang ating tiwala at umasa sa Kanya. Paano mo itutuon ang iyong paningin kay Jesus?

- **Si Jesus ay nagsikap para sa ating kaligtasan.**

. . . Tiniis niya ang paghihirap sa krus at hindi niya ito ikinahiya, dahil inisip niya ang kaligayahang naghihintay sa kanya. . . .

Hebreo 12:2

Si Jesus ang nagbayad ng napakalaking halaga bilang kapalit ng ating kaligtasan—isang nakakahiyang pagkamatay sa krus na nauwi sa matinding paghihirap. Ginawa Niya ito dahil sa Kanyang pagmamahal sa atin at ang tangi nating maaaring gawin ay ang magpasalamat sa pamamagitan ng pagsisisi mula sa ating mga kasalanan at pagbigay ng ating buhay sa Kanya. Alam na natin na ang lahat ng ito ay pinagsumikapan na ni Jesus para sa ating katagumpayan; paano tayo matutulungan nito upang magtiwala at magpatuloy sa buhay na ito?

- **Si Jesus ang Kampiyon ng ating pananampalataya.**

. . . At ngayon nga ay nakaupo na siya sa kanan ng trono ng Diyos.

Hebreo 12:2

Ang salitang “kampiyon” ay nangangahulugan na isang taong nanalo. Maaari rin itong mangahulugan na tagapagtanggol, tagasuporta, tagapagtaguyod, at tagapag-adya. Ang manunulat ng Hebreo ay ganito ang nasabi. Ang Panginoon ay tinaguriang tagapamagitan (Hebreo 7:25). Papaano lalakas ang ating pananalig gayong alam nating si Jesus ang talagang Kampiyon na ating kakampi?